

Learning Activity Packet: Pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Padiwan, Ray Vincent R.

Philippine Science High School -Eastern Visayas Campus in Leyte, Philippines
(rayvincentpadiwan@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 29 July 2026

Available Online: 14 August 2026

Revised: 12 August 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26384

Accepted: 13 August 2026

Abstract

Ang pagsusulit ay isang mahalagang gawain sa pagsukat ng kaalamang natamo ng mga mag-aaral at ang pagiging epektibo ng guro sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Higit na nagiging makabuluhan ang naturang proseso kung ang paghahatid ng karunungan ay nakasalig sa interes ng mga mag-aaral upang maging magaan ang kanilang pagkatuto. Ang kasalukuyang pag-aaral ay isinakatuparan sa pamamagitan ng *Learning Activity Packet* bilang panukalang interbensyon. Lumabas sa resulta ng pananaliksik na ang nabanggit na estratehiya ay epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa Panitikang Pilipino. Makikita ito mula sa markang kanilang nakuha sa pauna at panghuling pagsusulit na ang magandang pagbabago sa iskor ay natamo matapos isagawa ang interbensyon na uminog sa mga nilalaman kaugnay ng karunungang-bayan, awiting-bayan, at kuwentong-bayan. Sa madaling sabi, naipakita sa pananaliksik na ito ang pagiging epektibo ng LAP sa pag-unlad ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral. Bukod pa, inirekomenda rin sa pag-aaral na ito na magsagawa pa ng mga interbensyon na may kaugnayan sa Panitikang Pilipino, ngunit gamit naman ang ibang lunsaran.

Keywords: interbensyon, learning activity packet, lunsaran, pagsusulit, panitikan

Learning Activity Packet: Pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino

1. Introduksiyon

Isa sa mga kasanayang nililintang sa mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino ay ang kasanayan sa panitikan, partikular sa panitikang Pilipino. Bago pa man pag-aralan ang naging kalagayan ng panitikan mula sa iba't ibang panahon, una munang itinaturo at nililintang ang panitikan mula sa kanilang bayang sinilangan, ang Pilipinas. Ito ay upang magkaroon muna ng pundasyon ang mga mag-aaral sa iba't ibang anyo ng panitikan at kung ano ang mga pagbabagong naganap sa pagdaan ng maraming taon. Nakasalalay sa pedagogikal na pagtuturo ng guro ang pagsasakatuparan ng hangaring ito upang maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ayon sa ulat ng *Department of Education* (2026), muli nitong isinusulong ang panitikang Pilipino upang mapataas ang antas ng literasi ng mga Pilipinong mag-aaral sa pamamagitan ng paghahatid ng mga aklat sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas sa tulong ng *Early Procurement Activities* o EPA. Batay naman sa *DepEd Memorandum No. 017, s. 2026*, tinipon nito ang mga bagong guro ng Filipino, di-espesyalisado guro ng Filipino, at mga guro na nagtuturo ng Filipino para sa isang pansangay na palihan na naglalayong maglapat ng mga makabagong estratehiya sa paghahatid ng aralin sa parehong wika at panitikang Filipino, bumuo ng mga pamamaraan sa pagtuturo alinsunod sa mga kasalukuyang pamantayang pang-edukasyon, maisanib sa mga gawaing pampagkatuto ang mga kasanayang dapat malinang sa mga mag-aaral sa ika-21 siglo, at bumuo ng mga interaktibong gawaing pampagkatuto. Sa kabila ng pagsisikap na ito ay hindi pa rin maiiwasan ang mga hamon na nararanasan ng parehong guro at mag-aaral pagdating sa pagtuturo-pagkatuto ng panitikang Pilipino.

Natuklasan sa pananaliksik ni Delopere (2026) ang kakulangan sa teknikal na kasanayan, pasilidad, at suporta mula sa paaralan bilang pangunahing hamon sa pagtuturo ng mga guro ng panitikan sa mga mag-aaral. Kaya naman, binigyang-diin nina Pia at Samarca (2025) na ang mga nabanggit na suliranin ay patuloy na nagiging hadlang sa pagbuo ng mga makabagong estratehiya na kayang umangkop sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumabas sa resulta ng pag-aaral ni Peñeda (2021) na nahihirapan ang mga guro sa pagtuturo ng panitikan bunga ng hindi pagkahilig ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan. Binigyang-diin naman ni Isip (2024) na maraming kabataan ang higit na naaakit sa pagkatuto ng banyagang panitikan at midya, sa halip na lokal na panitikan. Bunga nito, natuklasan sa pananaliksik ni Candia (2026) ang mga epekto nito, gaya ng sumusunod: limitadong pag-unawa sa lokal na panitikan, kakulangan sa suporta mula sa media at pamahalaan, at hindi ganap na pagpapahalaga ng kabataan sa kanilang kultura. Bukod nito, hamon din para sa mga mag-aaral ang paghahawan ng sagabal sa kanilang pagkatuto ng mga akdang pampanitikan (Pumahing, 2024).

Ang mga mag-aaral sa isa sa mga paaralang sekundarya sa Lungsod Tacloban ay nakararanas din ng hamon sa kanilang pagkatuto ng panitikang Pilipino na nagiging dahilan ng pagtamo nila ng mababang kasanayan kaugnay rito. Hinggil sa suliraning nabanggit, nilalayon ng pananaliksik na ito na makabuo ng kagamitang pampagkatuto, partikular ang *Learning Activity Packet* na ayon kay Lacs (2022), ay nagsisilbing katuwang ng guro sa pagsasagawa ng mga gawaing pampagkatuto na naglalayong mapahusay ang pagtamo ng kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mga paksa tungo sa pagpapaunlad ng kanilang akademikong pagganap. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang LAP ay gagamitin bilang estratehiya ng guro sa paghahatid ng aralin sa mga mag-aaral at ito ay maglalaman ng mga kahulugan, mga halimbawa, at mga gawaing pagsasanay kaugnay sa panitikang Pilipino bilang paraan upang mapaunlad ang kanilang kasanayan hinggil rito. Ayon kay Nonggod (2021), dahil bago na ang panahon, dapat bago na rin ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral. Nariyan ang iba't ibang uri ng estratehiya sa pagkatuto na dinisenyo upang mas mapalawak ang konsepto ng pagtuturo at mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Layunin ng Pag-aaral – Ang pag-aaral na ito ay inalam kung paano nakatulong ang *Learning Activity Packet* sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa katutubong panitikan. Tiniyak na matugunan ang sumusunod na layunin: 1. Ano ang natamong kasanayan ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit hinggil sa katutubong panitikan? 2. Ano ang natamong kasanayan ng mga mag-aaral sa panghuling pagsusulit hinggil sa katutubong panitikan? at, 3. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayang natamo ng mga mag-aaral mula sa pauna at panghuling pagsusulit hinggil sa katutubong panitikan bago at pagkatapos gamitin ang *Learning Activity Packet*?

Panukalang Interbensiyon = Ang panukalang interbensiyon ng kasalukuyang pananaliksik ay nakabatay sa teoryang *Conditions of Learning* ni Robert M. Gagné. Ayon sa teoryang ito, mayroong siyam na hakbang tungo sa organisado at epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral: 1. Pagkuha ng atensyon; 2. Paglalahad ng layunin; 3. Pagbabalik-aral; 4. Paglalahad ng aralin; 5. Pagbibigay ng gabay; 6. Pagbibigay ng gawain; 7. Pagbibigay ng pidbak; 8. Pagtataya; at 9. Pagpapatibay at paglalapat ng natutuhan (Curry, 2021). Ang mga ito ay makikita sa *Learning Activity Packet* na magpapatunay sa kaangkupan nito bilang interbensiyon ng pag-aaral. Ginamit ang *experimental single-case group* bilang disenyo ng pananaliksik. Ayon kay Choueiry (2021), ginagamit ang naturang disenyo nang dalawang beses: bago at pagkatapos ipatupad sa mga kalahok ang isang interbensiyon. Dagdag pa, nagtataglay ito ng tatlong katangian: 1. Ang pangkat ng mga kalahok na makatatanggap ng interbensiyon ay sinadyang pinili kung kaya't ito ay tinatawag na *quasi-experimental design*; 2. Kawalan ng presensya ng *control group* sa paghahambing ng resulta; at 3. Ang epekto ng interbensiyon ay nasusukat sa pamamagitan ng paghahambing sa pauna at panghuling interbensiyon na ipinatupad sa mga kalahok. Gamit ang panitikan bilang lunsaran, partikular ang kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan, isasagawa ang pauna at panghuling pagsusulit sa mga mag-aaral. Ang sumusunod ay ang mga hakbang sa pagsasagawa ng interbensiyon.

Pauna at Panghuling Pagsusulit - Isinakatuparan ang paunang hakbang bago gawin ang interbensiyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral kaugnay sa panitikang Pilipino. Kasunod na ipinasagot sa mga mag-aaral na kalahok ang panghuling pagsusulit pagkatapos isagawa ang interbensiyon. Ang nasabing parehong pagsusulit ang nagbigay ng datos hinggil sa kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa panitikang Pilipino. Sa bahaging ito, ang paunang pagsusulit ay naglalaman ng limampung (50) aytem na sinagutan ng mga mag-aaral. Tiniyak at isinaalang-alang ang face validity, content validity, at reliability ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagsusuri ng tatlong (3) master teacher na may higit sa limang (5) taon pataas na nagtuturo ng Filipino, habang item analysis naman ang ginawa ng mga mananaliksik upang ang bawat aytem ng pagsusulit ay nasa pagitan ng madali at mahirap na aytem. Pagkatapos matukoy ang pinal na limampung (50) aytem ng pauna at panghuling pagsusulit ay ipinasagot muna ito sa mga mag-aaral na tapos nang kumuha ng panitikan upang matiyak ang reliability nito.

Pagsasakatuparan ng Interbensiyon - Ang panukalang interbensiyon ay isinakatuparan sa pamamagitan ng paggamit ng *Learning Activity Packet* o LAP na naglalaman ng mga kahulugan, halimbawa, at pagsasanay hinggil sa panitikang Pilipino.

Rasyonal - Ang *Learning Activity Packet* ay isang panukalang interbensiyon ng mananaliksik na naglalayong paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino. Sa pagtamo ng naturang layunin, gumamit ng iba't ibang halimbawa ng kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan. Ang nabanggit na interbensiyon ay isang solusyon sa mababang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino, kung kaya't ito ang bibigyang-tuon ng kasalukuyang pag-aaral sa kadahilanang mahalagang matamo at malinang sa kanila ang matibay na pundasyon ng kaalaman kaugnay sa panitikan na salamin ng lipunan at pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.


Deskripsiyon - Isang kagamitang pampagkatuto na gumagamit ng mga kahulugan, simbolismo o larawan, halimbawa, at pagsasanay na magpapaunlad sa kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino. Ang konseptong ito ay halaw sa teoryang *constructivism* ni Jerome Bruner na kung saan ang mga mag-aaral ay aktibo sa kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng pagbuo ng bagong ideya batay sa kanilang dating kaalaman. Sa tulong

ng kagamitang pampagkatutong ito ay nasukat ang pagiging mapanuri ng mga mag-aaral sa mga kahulugan, simbolismo o larawan, at mga halimbawa na makatutulong sa kanila upang lubos na maunawaan ang mga nakapaloob na akdang pampanitikan.

Kagamitan/Lunsaran - 1. Kuwentong-bayan – ito ay isang panitikan na bunga ng malikhaing kaisipan na nagsasalaysay ng mga kuwento kaugnay ng kaugalian at kultura ng iba’t ibang rehiyon sa Pilipinas. 2. Awiting-bayan – ito ay isang panitikan na lumaganap sa panahon ng katutubo na nilalapatan ng himig at tono na sumasalamin sa damdamin, kultura, at pamumuhay ng mga ninuno. 3. Karunungan-bayan – ito ay isang panitikan na naglalahad ng kaisipan, karanasan, at kaugalian ng mga Pilipino na kanilang ginagawa bilang libangan o pampalipas-oras, ngunit nagtuturo ng mabuting asal. Ang mga nabanggit na panitikan ay ginamit upang matamo ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral na mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino.

Hakbang sa Pagsasakatuparan - Pagbasa at Pagsusuri, sa bahaging ito, binigyan ng kopya ang bawat mag-aaral ng *Learning Activity Packet* o LAP at binigyan ng sapat na oras at panahon na pag-aralan ang mga nakapaloob dito. **Pagtalakay**, sa bahaging ito, nagkaroon ng talakayan sa pagitan ng guro at mag-aaral hinggil sa mga binasang akda ng mga mag-aaral sa loob ng LAP. Tinuyak ng mananaliksik na magkaroon ng aktibong pakikilahok ang mga mag-aaral upang maging matagumpay ang pagtamo ng layunin ng panukalang interbensiyon. **Pagsasanay**, sa bahaging ito, isasakatuparan ng bawat mag-aaral ang mga pagsasanay na nakapaloob sa LAP na may kaugnayan sa kanilang binasa, sinuri, at tinalakay tungkol sa kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan. **Pagwawasto**, sa bahaging ito, isinagawa ang pagwawasto batay sa naging sagot ng bawat mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa LAP upang makita kung mayroon silang natamong kaalaman gamit ang naturang kagamitang pampagkatuto na sinabayan pa ng pagtalakay at pagsasanay. **Pagbibigay ng pidbak**, sa bahaging ito, magbibigay ang guro ng mga pidbak tungkol sa pagganap ng mga mag-aaral sa iba’t ibang pagsasanay. **Panghuling pagsusulit**, pagkatapos ng mga naunang hakbang, isinagawa na ang panghuling pagsusulit sa mga mag-aaral upang malaman kung mayroon bang naging pag-unlad sa kanilang kaalaman sa panitikang Pilipino. **Paghahambing ng marka ng pauna at panghuling pagsusulit**. Sa pamamagitan ng paghahambing kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa markang natamo ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit ay nasukat ang pagiging epektibo ng isinagawang interbensiyon sa pagtamo ng layunin ng kasalukuyang pag-aaral.

Balangkas ng Pag-aaral



Figyur 1: Balangkas ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglayong mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino sa pamamagitan ng *Learning Activity Packet* bilang interbensiyon. Sa bahaging ito ay makikita ang magiging proseso ng isasagawang interbensiyon tungo sa tagumpay ng buong pag-aaral. Sa unang bahagi, nagsagawa ang mananaliksik ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral upang malaman ang kasalukuyang antas ng kaalaman sa panitikang Pilipino bago isagawa ang interbensiyon. Ito ang parehong pagsusulit na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang pagkuha ng panghuling pagsusulit pagkatapos isagawa ang interbensiyon.

Ang interbensiyon na isinakutaparan sa kasalukuyang pag-aaral ay nakabatay sa *Conditions of Learning* ni Robert M. Gagné (1965). Nahahati sa tatlong sesyon ang pagsasagawa ng interbensiyon. Sa unang sesyon, binigyang-tuon ng mananaliksik at mag-aaral ang tungkol sa kuwentong-bayan gamit ang *Learning Activity Packet* at tiniyak na sundin ang mga nabanggit na hakbang sa pagsasakutaparan. Parehong hakbang ang ginawa para sa ikalawa at ikatlong sesyon para bigyang-pansin ang awiting-bayan at karunungan-bayan. Pagkatapos ng pagwawasto, nagbigay ng pidbak sa mga mag-aaral kaugnay sa kanilang naging pagganap batay sa isinagawang interbensiyon.

Pagkatapos ng nabanggit na hakbang, ibinigay na sa mga mag-aaral ang kanilang panghuling pagsusulit na kapareho lamang sa kanilang naging unang pagsusulit. Ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa kanilang panghuling pagsusulit ay ikinumpara sa naging resulta ng kanilang paunang pagsusulit. Sa tulong nito ay nataya ang naging bisa ng *Learning Activity Packet* bilang interbensiyon sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino.

Saligang Teoretikal – Bukod sa wika, mahalaga ring ituro at pag-aralan ang panitikan upang higit na maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nililina nito ang mapanuring pag-iisip ng mga bata sa paraang kinakailangan nilang basahin at unawain ang mga teksto upang matuklasan ang mga nakatagong kahulugan o mensahe ng iba't ibang akdang pampanitikan, ito man ay lokal o pambansa. Ginamit ang *Variable Relation Model* na balangkas upang ilarawan ang magiging daloy ng kasalukuyang pananaliksik mula sa paunang gawain, pagsasakutaparan ng interbensiyon, at inaasahang awtput.

Layunin ng pag-aaral na matulungan ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kaalaman sa panitikang Pilipino. Isinagawa ang interbensiyon sa pamamagitan ng *Learning Activity Packet* na isang kagamitang pampagkatuto na naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan. Ang bawat isa ay mayroong pagpapakahulugan, mga halimbawa, mga simbolismo o larawan, at mga pagsasanay. Nakasalig ito sa teoryang *Conditions of Learning* ni Robert M. Gagné (1965). Ayon sa teoryang ito, organisado dapat ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paraang may mga hakbang na sinusunod upang matiyak ang kaayusan at tagumpay ng kanilang pagtamo ng karunungan na siyang isasaalang-alang sa konteksto ng kasalukuyang pananaliksik.


Nabanggit din sa kasalukuyang pag-aaral ang pagbibigay ng pidbak ng guro sa mga mag-aaral sa proseso ng interbensiyon. Ang konseptong ito ay ibinatay sa *Feedback Theory* nina Hattie at Timperley (2007) na naglalayong mabawasan o maiwasan ang hindi pagkakaayon sa pagitan ng kasalukuyang pag-unawa ng mga mag-aaral at ng inaasahang pag-unawa mula sa kanila. Binibigyang-diin dito kung ano ang layunin, ang kasalukuyang pagganap ng mag-aaral, at mga hakbang na makatutulong upang higit na mapabuti ang kanilang pagganap. Maiugnay ito sa pag-aaral dahil titiyakin ng guro na mababatid ng mga mag-aaral kung ano ang mga dapat pa nilang paunlarin na kasanayan upang tuluyang mapaunlad ang kanilang kaalaman pagdating sa panitikang Pilipino.

2. Metodolohiya

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang disenyo ng pag-aaral, lokal ng pag-aaral, kalahok ng pag-aaral, pangangalap ng datos, at paraan ng pagsusuri ng datos.

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay isang kuwantitatibo na gumamit ng *experimental one-group pretest-posttest design* hinggil sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino. Ginamit ito

ng mga mananaliksik sa pagsasakatuparan ng panukalang interbensiyon matapos isagawa ang paunang pagsusulit sa mga mag-aaral. Ang pangangalap ng datos ay nakabatay sa mga layunin ng pananaliksik: markang natamo ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit hinggil sa panitikang Pilipino, markang natamo ng mga mag-aaral sa panghuling pagsusulit hinggil sa panitikang Pilipino, at ang makabuluhang pagkakaiba sa markang natamo ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit hinggil sa panitikang Pilipino. Sa pamamagitan ng *one-group pretest-posttest design* ay makikita ang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino sa tulong ng panukalang interbensiyon na isasagawa nang talong sesyon pagkatapos ng paunang pagsusulit. Ang balangkas ng *one-group pretest-posttest design* (Choueiry, 2021) ay makikita sa ibaba:



Figyur 2: One-Group Pretest-Posttest Design

Lokal ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay isasagawa sa isang paaralang sekundarya sa ilalim ng Leyte Division na magsisilbing lokal ng pag-aaral. Dito ipatutupad ang panukalang interbensiyon upang matamo ang mga layunin ng mananaliksik na paunlarin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino.

Kalahok ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay kinabilangan ng tatlong pangkat ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa isang paaralang sekundarya sa Lungsod Tacloban. Ang mga ito ang pinagkunan ng datos ng mananaliksik upang matugunan ang lahat ng layunin ng pag-aaral. Mainam na mga mag-aaral sa baitang na ito ang naging mga respondente ng kasalukuyang pananaliksik dahil taglay na ng mga ito ang iba't ibang kasanayan, tulad ng pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri sa mga akdang pampanitikan.

Pangangalap ng Datos - Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagbuo ng interbensiyon na makatutulong sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino. Nilayon ng pag-aaral na ito na na maisagawa ang interbensiyon sa napiling lokal sa pamamagitan ng apat na bahagi: **Unang Bahagi, pagkuha ng marka sa paunang pagsusulit hinggil sa panitikang Pilipino.** Nagsagawa ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral mula sa tatlong pangkat sa Baitang 10. **Ikalawang Bahagi, pagpapatupad ng Interbensiyon.** Sa bahaging ito, binigyan ng *Learning Activity Packet* ang bawat mag-aaral bilang interbensiyon sa pagpapaunlad ng kanilang kaalaman sa panitikang Pilipino. Ang nilalaman ng LAP ay umiino sa tatlong bahagi: kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan. Taglay ng mga ito ang pagpapakahulugan, mga halimbawa, mga simbolo o larawan, at mga pagsasanay. **Ikatlong Bahagi, pagkuha ng marka sa panghuling pagsusulit hinggil sa panitikang Pilipino.** Pagkatapos gawin ang interbensiyon ay ibinigay na sa mga mag-aaral ang panghuling pagsusulit upang makita kung mayroong naging pag-unlad sa kanilang antas ng kaalaman. **Ikaapat na Bahagi, pagkuha ng makabuluhang pagkakaiba ng paunang pagsusulit sa panghuling pagsusulit hinggil sa panitikang Pilipino.** Sa bahaging ito ay ikinumpara ang naging marka ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit na naging batayan kung naging mabisa ang LAP sa pagpapaunlad ng kanilang kaalaman tungkol sa panitikang Pilipino.

Pagkatapos makalap ng mga mananaliksik ang lahat ng datos sa kasalukuyang pag-aaral, ay itinala, inanalisa, at binigyang-pagpapakahulugan ang mga ito. Tiniyak din na ang mga datos ay mahigpit na iningatan upang manatili ang pagiging kumpidensiyal nito at ginamit lamang sa layunin ng pananaliksik.

Paraan ng Pagsusuri ng Datos - Ang mga datos na nakalap ay maingat na inorganisa, itinala, at inilagay sa kani-kanilang talahanayan bilang paghahanda sa tekstual na pagpapaliwanag. Nilayon ng mananaliksik na

matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa markang natamo ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit tungkol sa panitikang Pilipino. Tiniyak na maging sistematiko ang pamamaraan ng pagsusuri ng datos upang masiguro ang kredibilidad ng mga natuklasan. Sa pagtukoy kung ang distribusyon ng datos ay sumusunod sa normal na pamantayan, mahalagang isaalang-alang ang hakbang sa proseso ng paggamit ng *normality test*. Ayon kina Razali at Wah (2011), ang *normality test*, tulad ng *Shapiro-Wilk Test* ay pangunahing ginagamit upang masuri ang *normality* ng isang *dataset*. Sa pananaliksik na ito, ang *Shapiro-Wilk Test* ay ginamit upang suriin ang distribusyon ng mga marka ng mag-aaral mula sa pauna at panghuling pagsusulit.

Samantala, ang ginamit ng mananaliksik na batayan sa pagbibigay ng deskripsiyon kaugnay sa kasanayan ng mga mag-aaral ay nakaayon sa pag-aaral nina Agta et al. (2023).

Talahanayan 1

Batayan ng Deskripsiyon ng nakuhang Iskor ng mga Mag-aaral (Agta et al., 2023)

Bahagdan ng Tamang Sagot (%)	Kategorya ng Pagganap	Paglalarawan
90 – 100	Napakahusay	Ipinapakita ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng kaalaman sa wastong pagbabaybay; bihasa sa tamang paggamit nito.
75 – 89	Mahusay	May solidong kaalaman sa wastong pagbabaybay; nangangailangan lamang ng kaunting pagpapalawak sa bokabularyo.
60 – 74	Katamtaman	May pangkalahatang kakayahan sa pagbabaybay, gunit nangangailangan ng higit pang pagsasanay upang mapalalim ang kasanayan.
Mababa sa 60	Kailangan ng Pagpapaunlad	Limitado ang kaalaman sa pagbabaybay; kinakailangan ng masusing interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan.

Etikal na Konsiderasyon - Sa bahaging ito ay tatalakayin ang mga dapat isaalang-alang ng mananaliksik sa pagtiyak ng kapakanan at kaligtasan ng bawat kwalipikadong kalahok ng pag-aaral.

Pagtataya sa Panganib at Pakinabang - Tiniyak ng mananaliksik na maayos at ligtas ang kalagayan ng mga kwalipikadong kalahok bago isagawa ang pangangalap ng datos upang maging panatag ang kanilang kalooban. Humingi ang mananaliksik ng pormal na pahintulot sa mga kalahok upang maging bahagi ng pananaliksik na magpapatunay na ito ay boluntaryo at hindi sapilitan. Ang desisyon at karapatan ng mga kalahok ay iginalang ng mananaliksik. Sinigurado rin ang kaligtasan at seguridad ng mga kalahok upang hindi sila malagay sa anumang alanganin, pisikal o sikolohikal man na aspekto, at panganib sa buhay habang isinasagawa ang pangangalap ng datos. Ang mga nakakalap na datos at impormasyon ng mananaliksik ay pananatiliing kumpidensiyal sa bisa ng *Republic Act 10173* na kilala bilang *Data Privacy Act of 2012* na nangangalaga sa personal na impormasyon at pribadong datos ng mga kalahok.

Ang naging resulta ng kasalukuyang pananaliksik ay ibinahagi sa kaguruan ng Filipino sa napiling paaralan upang kanilang mapakinabangan sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral, partikular ang mga nasa Baitang 10 pagdating sa panitikang Pilipino. Dagdag pa, mapapakinabangan din ito ng Kagawaran ng Edukasyon para maging batayan sa pagbuo ng mga programa na naglalayong mapaunlad ang nasabing kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral. Ang pangangalap ng datos ay sinimulan sa pagbibigay ng liham pahintulot sa punongguro ng paaralang sekundarya na lokal ng pag-aaral. Nang maaprubahan ng punongguro ay saka na isinatuparan ng mga mananaliksik ang pangangalap ng datos mula sa mga kalahok ng kasalukuyang pag-aaral.

3. Resulta ng Pag-aaral

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang presentasyon at interpretasyon ng mga nakalap na datos mula sa

isinagawang pauna at panghuling pagsusulit sa mga kwalipikadong respondente ng kasalukuyang pananaliksik.

Paunang Pagsusulit ng mga Mag-aaral hinggil sa Panitikang Pilipino (Bago ang Interbensiyon) – Ang pagsasagawa ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral ay isang akademikong proseso na ang layunin ay mabatid ang kanilang antas ng kaalaman kaugnay sa isang paksang-aralin. Ito rin ang magiging batayan kung anong mga estratehiya ang maaaring isakatuparan ng guro upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang pag-aaral, pinamahalaan ng mananaliksik ang paunang pagsusulit sa tunguhing malaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral mula ikasampung baitang kaugnay sa Panitikang Pilipino. Ginamit na lunsaran ang kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan upang matiyak ang pagiging kontekstwalisado ng mga tanong sa pagsusulit. Nakalahad sa sumusunod na Talahanayan ang resulta ng paunang pagsusulit na kinuha ng mga respondente ng pananaliksik.

Talahanayan 2

Paunang Pagsusulit ng mga Mag-aaral hinggil sa Panitikang Pilipino Bago ang Interbensiyon

Measure	N	M	SD
Pretest in Philippine Literature (Before the Intervention)	38	27.1	6.53

Note. M = mean; SD = standard deviation.

Makikita mula sa Talahanayan 2 na ang paunang pagsusulit ng mga mag-aaral hinggil sa Panitikang Pilipino ay mayroong mean na 27.1 na katumbas ng 54.37% mula sa kabuuang iskor. Batay sa Talahanayan 1, ang ganitong akademikong pagganap ay nangangahulugang “kailangan ng pagpapaunlad.” Ito ay nagsasabi lamang na mayroong limitadong kaalaman ang mga mag-aaral pagdating sa Panitikang Pilipino. Ang *standard deviation* ng naturang resulta ay 6.53. Ibig sabihin, mayroong pagkakaiba-iba ng kakayahan ang mga respondente ng pag-aaral sapagkat lubhang malayo ang mga natamong iskor sa nakuhang *average* mula sa kinuha nilang paunang pagsusulit. Ang ganitong resulta ay nagpapahayag lamang na dapat magkaroon ng interbensiyon ang guro upang mapataas ang antas ng karunungan ng mga mag-aaral pagdating sa Panitikang Pilipino. Lumabas sa pag-aaral ni Varquez (2025) na may mga suliranin pa ring kinahaharap ang mga guro, lalo na sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan at pagpapabuti ng mga estratehiya na kanilang ginagamit sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto upang matiyak ang pagiging epektibo nila sa klase. Ang mga nabanggit na hamon ang nag-udyok sa mananaliksik upang magdisenyo ng interbensiyon na nakatuon sa pagtamo ng kasanayang nabanggit.

Panghuling Pagsusulit ng mga Mag-aaral hinggil sa Panitikang Pilipino (Matapos ang Interbensiyon) – Ang panghuling pagsusulit na kinuha ng mga mag-aaral ay nagsilbing sukatan ng natamo nilang kaalaman matapos isakatuparan ang interbensiyon na may tunguhing paunlarin ang kanilang kaalaman sa Panitikang Pilipino. Tiniyak ng mananaliksik na kumuha muna ang mga mag-aaral ng paunang pagsusulit bago isagawa ang interbensiyon sa pamamagitan ng *Learning Activity Packet*. Inilahad sa sumusunod na talahanayan ang naging resulta mula sa panghuling pagsusulit na isinagawa ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

Talahanayan 3

Panghuling Pagsusulit ng mga Mag-aaral hinggil sa Panitikang Pilipino Matapos ang Interbensiyon

Assessment	N	M	SD
Pretest (Before the Intervention)	38	27.1	6.53
Posttest (After the Intervention)	38	37.6	5.64

Note. M = mean; SD = standard deviation.

Makikita sa talahanayan ang naging resulta mula sa panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral matapos isakatuparan ng mananaliksik ang interbensiyon. Batay sa lumabas na resulta, nakakuha ang mga mag-aaral ng mean na 37.6 na katumbas ng 75.26%. Dagdag pa rito, ang *standard deviation* na 5.64 ay nagpapakita ng magkakalapit na iskor mula sa *mean* ng mga datos. Ang resultang ito ay nasa kategorya ng “mahusay” na nangangahulugan lamang na mayroon nang sapat na kaalaman sa Panitikang Pilipino ang mga mag-aaral, ngunit nangangailangan pa rin ito ng kaunting pagpapalawak upang higit na malinang at mapaunlad ang antas ng kanilang kaalaman tungkol sa paksang binigyang-tuon sa kasalukuyang pananaliksik.

Ito ay tugma naman sa resulta ng pag-aaral nina Baluyot et al. (2022) na nagpapakita ng pagkakaiba-iba sa

kasanayan ng mga mag-aaral bunga ng kawalang sapat na kagamitan at estratehiya ng guro sa kanyang pagtuturo. Kaya naman, matapos matuklasan ng mananaliksik ang mababang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino mula sa paunang pagsusulit, isinagawa ang interbensiyon na gumamit ng kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan bilang mga lunsaran. Matapos mapagtagumpayan ang pagpapatupad ng interbensiyon, ay binigay na sa mga mag-aaral ang kanilang panghuling pagsusulit. Mapapansing tumaas ang natamong iskor ng mga mag-aaral mula sa kanilang paunang pagsusulit sa tulong ng interbensiyon na ginawa ng mananaliksik.

Makabuluhang Pagkakaiba sa Kasanayang Natamo ng mga Mag-aaral Bago at Matapos ang Interbensiyon

Talahanayan 4

Pagsusuri sa Mahalagang Pagkakaiba sa mga Iskor ng Mag-aaral gamit ang Wilcoxon-Signed Rank Test

Comparison	W	p	Rank-biserial correlation (r _b)
Posttest vs. Pretest	741	< .001	1

Note. H_a: Median Post-test – Median Pretest $\neq$ 0

Bago isinagawa ang pagsusuring estadistikal, sinuri muna ang normalidad ng mga datos gamit ang *Shapiro-Wilk p-test*. Batay sa Talahanayan 4, natukoy na ang datos ay hindi sumusunod sa normal na distribusyon ng paired difference scores ($W = 0.932$, $p = .022$). Dahil dito, ginamit ng mananaliksik ang *non-parametric* na pagsusuri, partikular ang *Wilcoxon Signed-Rank Test*, upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensiyon.

Sa pagsusuri gamit ang *Wilcoxon Signed-Rank Test*, natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mga mag-aaral sa pagitan ng paunang pagsusulit ($M = 27.1$, $SD = 6.53$) at panghuling pagsusulit ($M = 37.6$, $SD = 5.64$), $W = 741$, $p < .001$, na may napakataas na epekto ($r = 1.00$). Ipinakikita nito na malaki ang naging pag-angat sa kasanayan ng mga mag-aaral matapos ang isinagawang interbensiyon na nangangahulugan ng pagiging epektibo nito. Ang lumabas na mga resulta ay nagpapahiwatig na ang interbensiyong ginamit ay maaaring ipagpatuloy ng mga guro sa iba pang pangkat ng mag-aaral upang palawakin ang natamong epekto ng interbensiyon. Bilang paglalahat, natamo ng mananaliksik ang mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral sa tulong ng interbensiyon na “Learning Activity Packet: Pagpapaunlad ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Panitikang Pilipino.” Sa tulong naman ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral ay mas nagkaroon ng linaw at pagpapatibay sa naging resulta ng naturang interbensiyon.

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang kongklusyon at rekomendasyon batay sa lumabas na resulta ng isinagawang pag-aaral.

Kongklusyon – nilayon ng kasalukuyang pag-aaral na tugunan ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino batay sa markang kanilang natamo sa pauna at panghuling pagsusulit, gayundin ang matugunan kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa markang kanilang natamo sa nabanggit na mga pagsusulit. Natuklasan ng mananaliksik na ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino batay sa markang kanilang nakuha sa paunang pagsusulit na may kabuuang iskor na 54.37% ay nasa kategorya ng “Kailangan ng Pagpapaunlad” at may kaakibat na paglalarawan na dapat magkaroon ng interbensiyon ang guro upang mas mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino.

Nakatulong ang isinagawang interbensiyon ng mananaliksik upang mapataas ang marka ng mga mag-aaral. Sa panghuling pagsusulit, nakapagtala sila ng kabuuang iskor na 75.26%, na kabilang sa kategoryang “Mahusay.” Ipinahihiwatig nito na mayroon nang sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino, bagaman kinakailangan pa rin ng kaunting pagpapalawak at karagdagang pagsasanay upang higit na malinang ang kanilang kasanayan sa nabanggit na paksa. Batay sa mga resulta, natugunan ang ikatlong layunin ng pag-aaral dahil nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang sa pagitan ng

isinagawang pauna at panghuling pagsusulit sa lokal ng pananaliksik

Rekomendasyon – batay sa mga resulta at kongklusyon ng isinagawang pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang pagbuo at pagpapatupad ng iba pang interbensiyon na nakatuon sa higit na pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino. Inirerekomenda rin ang paggamit ng angkop at makabuluhang mga estratehiya sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino na may kaugnayan sa Panitikan upang higit na mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Hinihikayat din ang paghahanda at paggamit ng iba't ibang lunsaran, bukod sa kuwentong-bayan, awiting-bayan, at karunungan-bayan bilang mga kagamitang maaaring makatulong sa patuloy na paglinang ng kanilang kasanayan sa Panitikan. Bukod dito, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mga mananaliksik ang pagpapatuloy ng kasalukuyang interbensiyon upang higit pang mapalawak at mapagtibay ang positibong epekto nito sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino.

5. Sanggunian

- Agta, M. K., Siador, S., Baluyot, R., Beniyat, A., & Mang-usan, M. P. (2022). Antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay sa Kapangan National High School. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), pp. 247 – 256.
- Choueiry, G. (2021, October 10). Pretest-Posttest Control Group Design: An Introduction.
- Curry, J. (2021). Robert Gagné and the systematic design of instruction.
- Delopere, B. (2026). Salin-Karanasan: Isang Pagsipat sa Integrasyon ng Digital Storytelling sa Filipino. *DALUMAT: Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*, 1(2), 15-28.
- DepEd, isinusulong ang panitikang Pilipino upang itaas ang antas ng literasiya sa bansa. (2026). In *Department of Education*. <https://www.deped.gov.ph/2026/03/12/deped-isinusulong-ang-panitikang-pilipino-upang-itaas-ang-antas-ng-literasiya-sa-bansa/>
- Hattie, J., & Timperley, H. (2007). The power of feedback. *Review of educational research*, 77(1), 81-112.
- Isip, J. G. A. (2024). Kakayahang kognitibo ng mag-aaral sa Filipino 7: Batayan sa pagbuo na animasyon ng panitikang Bisaya (Doctoral dissertation, West Visayas State University).
- Lacs, M. E. B. (2022). Learning activity sheets (LAS) and the English achievement of Grade 8 students. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, 4(1), 38-44.
- Lyza, M., Candia, Susing Salita, M., Filipino, P., Pilipino, K., & Pampagtuturo, K. (2026). *Ang Panitikang Filipino sa Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo*. 2(6). <https://doi.org/10.5281/zenodo.20438787>
- Nonggod, G. D. (2021). Paggamit Ng 'Basa-pang-UNAWA app' isang kagamitan bilang interbensiyon sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral by Glenn D. Nonggod. *EPRA Journals | Good Indexing*. <https://eprajournals.com/IJSR/article/5515>
- Peñeda, M. B. (2021). Mga Suliranin at Lapit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino sa mga Piling Paaralan sa Antas Tersarya. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 5(11), 24-30.
- Pia, M. G. G. (2025). Pagsusuri sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Aklat Pamuhatan.
- Pumahing, J. T. (2024). Kasanayang Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-Aaral. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(6), 2273-2286.
- Razali, N. M., & Wah, Y. B. (2011). Power comparisons of Shapiro-Wilk, Kolmogorov-Smirnov, Lilliefors and Anderson-Darling tests. *Journal of Statistical Modeling and Analytics*, 2(1), 21–33.
- Varquez, P. (2025). IJAMS 410 Pedagogiya at Hamon sa Pagtuturo ng Filipino: Isang Paglalahad ng mga Karanasan at Estratehiya ng mga Guro sa Filipino sa mga Kursong Teknikal. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, V, 2799–0664. <https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/09/8-IJAMS-August-2025-410-423.pdf>